

# PAGKOLEKTA NG BAGONG DATA NG PASYENTE

## Sa susunod na pagkakataong pumunta ka sa ospital, maaaring makakita o bigyan ka ng mga bagong tanong tungkol sa lahi, etnisidad, wika, seksuwal na oryentasyon, kasarian, at kapansanan.

Nagbabahagi ang mga ospital ng impormasyon tungkol sa pamamalagi ng pasyente sa Washington State Department of Health (DOH, Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington). Alinsunod sa batas ng Washington, ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa ospital ay inaatasan na ngayong tanungin ang mga pasyente ng impormasyon tungkol sa lahi, etnisidad, wika, seksuwal na oryentasyon, kasarian, at kapansanan.

Nakipagtulungan ang DOH sa mga komunidad ng Washington noong ginagawa ang mga bagong kategorya. Makakatulong ang impormasyong ito sa estado para maunawaan kung sino ang gumagamit ng mga serbisyo ng ospital at sa kung anong mga dahilan. Kapag nauunawaan ng DOH kung paano ginagamit ng mga komunidad ang ospital, mapaglilingkuran namin ang mga komunidad sa mas makabuluhang paraan.

## BAKIT KAMI NAGTATANONG

Makakatulong sa pampublikong kalusugan ang iyong mga sagot sa mga tanong na ito. Gustong malaman ng mga opisyal ng pampublikong kalusugan kung sino ang pinakaapektado ng hindi pagkakapantay-pantay sa access sa pangangalagang pangkalusugan, kalidad ng pangangalagang pangkalusugan, at resulta sa kalusugan. Kapag alam namin kung paano ginagamit ng mga komunidad ang ospital, mapaplano namin kung paano pinakamabuting matutulungan ang mga komunidad. Kumplikado ang usapin sa hindi pagkakapantay-pantay sa pangangalagang pangkalusugan. Kapag mas marami kaming nauunawaan, mas bubuti kami.

## IKAW ANG MAGPAPASYA

Ikaw ang bahala kung sasagutin mo ang mga tanong na ito. Bagaman ibibigay sa iyo ng ospital ang lahat ng tanong, hindi ka naman inaatasang sagutin ang mga ito. Para sa mga tanong na hindi mo gustong sagutin, maaari mong piliin ang "Patient declined to respond (Tumangging sumagot ang pasyente)." Umaasa ang DOH na sasagutin mo ang mga tanong na ito, para mapaglingkuran ka namin at ang lahat ng Washingtonian nang mas mabuti.

## PAANO NINYO PINOPROTEKTAHAN ANG PRIVACY KO?

Gusto naming maramdaman ng lahat na ligtas na sagutin ang mga tanong. Ang iyong impormasyon ay ganap na kumpidensiyal at ituturing bilang kumpidensiyal na rekord ng pampublikong kalusugan. Hindi nagsasama ang DOH ng personal na impormasyon, tulad ng pangalan o petsa ng kapanganakan, kapag nag-uulat ng impormasyon.

Kapag nagbahagi ka ng impormasyon sa amin, hindi maaapektuhan ang anumang benepisyong natatanggap mo mula sa estado, tulad ng Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP, Programa ng Tulong sa Pandagdag na Nutrisyon) o Apple Health. Hindi ibabahagi ang impormasyong ito sa mga opisyal ng imigrasyon.

Washington State Department of Health

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

DOH 422-237 December 2022 Tagalog